1

"Ang harsh naman po ni Editor R.S. huhuhu."

"I only expected for my manuscript to be edited (by R.S.), not to be told I can't write to save my life."

Tuwing Huwebes ay nag-o-overtime sa kanyang opisina si Connelly James Yuson Moran para ilaan ang dalawa hanggang apat na oras sa pagbabasa ng feedback mula sa mga manunulat ng mga librong ipina-publish niya through *Indie Creatives*, na isa sa mga negosyo sa ilalim ng publishing business niya na *Citadel Press*.

Two and a half years ago lang sila nagsimulang tumanggap ng ganoong klase ng libro, simula nang dumami ang mga manunulat galing sa *Wattpad*, *AO3* at maging sa *Facebook,* na maraming followers,

recommendations at magagandang feedback. Binibili, ginagawan ng critique at ini-edit nila ang mga akdang pinaka-popular o highly recommended ng mga mambabasa. Kumuha na rin siya ng mga dagdag na printing machines at nag-outsource ng mga editors at book designers para matugunan ang patuloy na lumalaking demand ng mga manunulat at mambabasa. *Citadel*, which started with just one printing machine and three books per month that were mostly of the literary fiction genre or poetry anthologies sold in coffee shops, galleries and campus bookstores four years ago, was being among the top independent publishing houses in the country.

Ngayon ay may sariling building na sila at dalawang café bookstores. Masaya at kontento si Connelly sa tagumpay ng negosyong sinubukan lang niya out of frustration, pero ngayon, ayon sa mga fans ng mga librong inilalabas nila at mga manunulat ay nakakatulong at nakaka-inspire daw.

It was his way of giving back. Naranasan din niya ang pinagdadaanan ng bawat manunulat na ipinagkakatiwala ang libro sa kanila, kaya mahalaga sa kanya ang feedback ng mga ito, lalo na iyong galing sa mga writers ng *Indie*. Bukas ang personal email niya sa hinaing ng mga ito,

na once a week ay binabasa niyang lahat pagkatapos ay isinasama ang anumang concern sa agenda ng weekly meeting nila tuwing Biyernes ng hapon.

"Kaya nga po fiction, hindi kailangang based lahat sa reality. Kailangan po talaga i-fact check lahat ni R.S.?"

"Kailangan daw po baguhin ang atake ko sa romance, eh 'yun po nagustuhan ng 288K followers ko, paano na?"

"Puwede po mag-request next time huwag na ibigay 'yung manuscript namin kay R.S. please."

"Sana po alam ni R.S. na romance ang genre namin kaya expected nang corny, cheesy at baduy."

Over the past several months, he had read complaints about a certain editor but he chose not to address it specifically, thinking they were isolated cases. Kinakausap lang niya ang kapatid na si Cassidy na kasosyo niya at head ng editorial board tungkol doon, at ipinapaubaya rito ang desisyon.

Pero nitong nakalipas na mga linggo ay OA na sa dami ang reklamo tungkol kay 'R.S.' na iisa halos ang tono. Mukha ring sa isang partikular na genre lang inirereklamo ang editor na iyon, at medyo naaalarma na si Connelly, bukod sa napupukaw ang kuryosidad. The foremost question in his mind: *What the hell is that person's problem?*

"Sir, bad for the business po mga gaya ni R.S., sorry."

"Pakisabi kay R.S. mag-boyfriend or girlfriend po siya pag may time."

"Sana po hindi na lang pinag-e-edit ng romance ang mga bitter gaya ni R.S. di ba?"

"Pakisabi kay R.S. pakyu nya po."

He compiled all the emails from fifty-seven writers, regarding one hundred nineteen different works, from the first similar complaint seven months back. He printed all of them, made copies and drafted an outline of the things he will discuss regarding those complaints tomorrow. Kasama na doon ang posibleng mga aksyon laban sa, ayon sa ilang emails ay 'editor from hell.'

Kung sino man ang R.S. na iyon ay sisiguraduhin niyang hindi nito maisasama sa impyerno ang magandang pangalan at reputasyon ng *Indie Creatives*, pati na ang morale ng kanyang mga kliyente.

"Fire that bitch R.S. please! I'm sure she's an ugly old hag."

Maghahatinggabi na nang sa wakas ay dalawin ng antok si Connelly. Hindi niya kadalasang iniuuwi sa bahay ang mga concerns sa kanyang negosyo at kung tutuusin ay madaling solusyunan ang issue sa 'editor from hell' nila. They could talk to whoever that R.S. was, then schedule a

dialogue between the editor and the complainants, then decide. Puwede nila itong sisantehin o kaya ay huwag na lang itong bigyan ng trabahong may kinalaman sa isang genre. Narinig na niya kay Cassidy dati na magaling at pulidong mag-edit ang R.S. na iyon, na isa sa mga outsourced nila. Dapat ay makampante at magtiwala na lang siya na magiging maayos din agad ang lahat, dahil higit pa sa issue na ito ang mga napagdaanan niya dati bilang manunulat at bilang negosyante.

But something about this issue piqued his curiosity, and after the meeting tomorrow, he intended to find out first who this person was and maybe have a dialogue with him or her.

Nakatulog siyang iniisip na dadaan siya sa HR kinabukasan para kunin ang file ni R.S.

Nagising siya matapos ang ilang minuto na may humihila sa kanya. No, more of kinakaladkad. Pababa sa kama, sa sahig, sa hagdan. He gasped and then choked at the sharp pain coursing through his body at each harsh contact with the hardwood, then marble, then... *pavement?*

What the hell! Sinubukan ni Connelly na gumalaw pero mahigpit na nakatali ang mga kamay at paa niya. May panyo ring nakabusal sa kanyang bibig. Sinubukan niyang

dumilat pero kadiliman at alikabok lang ang sumalubong sa kanya.

Paano siyang nakaladkad mula sa townhouse nang hindi napapansin ng guard? Nang hindi nagwawala ang alarm system? *Damn it, this is a dream. This could only be a horrible dream!*

Sinubukan niyang gumalaw, pumiglas, huminga nang malalim para magising pero muling hinila lang siya, pataas at marahas na isinuot ang backrest ng isang wrought iron chair sa pagitan ng likod at nakatali niyang braso. Naglagutukan ang mga buto ng binata at nahila ang mga kalamnan. *Shiiit, ang sakit! F*ck.*

His chair wobbled a bit, but he stopped himself from falling again by planting his feet firmly on the brick floor. Then, he opened his eyes and looked around.

Nasa loob siya ng *Indie Café and Books*, na dalawang kanto lang mula sa bahay niya sa isang subdivision sa Commonwealth. Madilim sa paligid, maliban sa kandila sa counter. Sa paligid niya ay nakaligpit pa ang mga upuan sa ibabaw ng mga mesa. Nakaharap siya sa hilera ng mga bookshelves, kung saan dalawa ay romance books ang nakalagay. Maybe ninety percent of those were works by their *Indie Creatives* authors.

What the...? He squinted to see more, and noticed

a dark red figure move between the shelves. "Who are you?" inis na tanong niya, bago mahinang napamura nang mapagtanto kung sino, o ano ang pigurang iyon.

A ninja. A freaking red ninja with a long, glistening sharp-looking sword and a gas lighter gun. *Shit, when will I wake up?* "You're not real. You can't be real."

Hindi kumibo ang ninja na halatang isang babae. Balingkinitan ang katawan at nasa 5'4" o 5'5" marahil ang taas. Mga mata at kilay lang nito ang nakikita ni Connelly. Huge slanty eyes and arched brows. "Who are you?" tanong ulit niya sa mas mahinang boses.

Hindi sumagot ang ninja. Tumalikod lang ito, at marahas na iwinasiwas sa hangin ang espada. In seconds, all the shelves in front of him collapsed into a heap– books, wood panels, and all. Hindi pa iyon gaanong nagre-register sa utak niya nang muling may iwasiwas sa hangin ang red ninja. It was the gas lighter gun, now lit with a huge fire. *Holy...!*

Hindi siya makapaniwala sa nasasaksihan. Sinubukan niyang kumawala sa pagkakatali pero hindi niya magawa. Sinubukan niyang sumigaw pero nawala din ang kanyang boses.

Hindi rin niya magawang iiwas ang tingin, kaya nasaksihan niya kung paanong habang hawak ang espada

at gas lighter ay humakbang sa gitna ng nasusunog na mga libro ang ninja.

*F*cking hell! When will this be over?* He tried to free himself again, attempted to speak and call out to his mystery captor, but all he could do was watch as she went up in flames, seemingly in slow motion like the tragic *Miss Havisham* from Charles Dickens' *Great Expectations.*

Hindi na niya alam kung ano ang sumunod na nangyari. Naramdaman na lang ni Connelly ang pagtama ng kamay sa kung saan at ang malakas na tunog ng kanyang alarm.

Shit! Shit, shit, shit... He was heaving when he opened his eyes. His arms and legs felt as if he just swam then ran a mile. And despite the air-conditioning, his forehead and temple were damp with cold sweat.

Marahas na naisuklay niya ang mga daliri sa buhok nang bumangon. *What the... Who the hell was that?*

Ini-off niya ang alarm clock at tumayo na. Oras na para maghanda para sa isa na namang araw sa *Citadel* pero wala roon ang kanyang isip kundi sa napanaginipan. It was so vivid that he could remember everything in detail. Pero ang lubos na gumugulo sa kanya ngayon ay ang curiosity sa ninja sa panaginip niya.

"You knew what this person has been doing but you thought it was okay because she was giving *proper* critique?" Nakakunot ang noong itinaas ni Connelly ang mga kamay at ipinormang quotation marks ang mga daliri.

Tumaas lang ang isang kilay ni Cassidy. "Yes, Kuya. *Proper* critique. Nakikita at nababasa ko ang mga ibinabalik na manuscripts ni R.S. sa mga kliyente. They were detailed, precise, honest, maybe a bit blunt sometimes but never harsh. Her criticisms were valid. At kahit makarating tayo sa korte, alam kong wala siyang sinabihang kahit sinong writer na walang karapatan ang mga ito na magsulat."

"Her?" Ginaya niya ang pagtaas ng kilay ng kapatid. "You know this person?"

"I don't know her personally but I know she's a woman. Duh, I hired her kaya. Her credentials, exams and interviews were excellent. At wala akong balak isakripisyo ang isang competent at effective na editor para lang sa mga balat-sibuyas na writer na feeling entitled porke madaming fans. Remember how and why you started this thing, Kuya? Remember where we dedicate forty percent of *Citadel*?"

Pinagmasdan ni Connelly ang nakababatang kapatid. Sa sulok ng mga mata ay pansin niyang medyo

natetensyon sa usapan nila ang ibang kasama sa meeting room.

"I know and I remember, Cass." Bumuntong-hininga siya. "At alam mo din kung ano ang purpose ko sa desisyon kung saan natin ilalaan ang sixty percent ng trabaho natin dito. Maybe these new writers weren't at par with our *Palanca* or *Book Circle* awardees from *Citadel* yet, maybe they'll never even make their shortlist but I wanted to give them a voice, a different platform, an opportunity to learn and grow more as writers."

"That's exactly what R.S. was trying to achieve with her critique and returned manuscripts, Kuya. At puwede ba, puro millennials gaya natin itong mga writer na 'to. Kung kaya nilang magsulat about infidelity, bullying, identity crisis, mga komplikadong relationships at BDSM, kayanin din sana nilang tanggapin na hindi lahat ng tao ay bilib sa kanila at may igaganda pa ang mga gawa nila. Walang nagsasabi na wala silang karapatan o tumigil na sila sa pagsusulat. R.S. was helping them write better! Hello!" Cassidy rolled her eyes.

"Fine." Napabuga siya ng hangin. "Find at least three of the supposedly harshest critiques this R.S. wrote and send them to my email. Babasahin ko mamaya."

"You're such a loser, Kuya. Work pa din on a Friday

night? Wala kang date?" nakangising tanong ni Cassidy.

Pinaningkitan lang niya ito ng mata bago hinarap ang ibang ka-meeting. Ten minutes later, he dismissed everyone save for his sister.

"CJ, here's a copy of the file you asked me about earlier." Iniabot ng HR manager nila na si Tita Michelle ang isang asul na folder sa kanya. May sticker sa harap niyon na may naka-print na malaking R.S. at employee code. It was their choice to refer to editors using their initials, para madaling i-address ng mga kliyente at maiwasang magkaroon ng bias ang mga ito.

Ngumiti siya sa nakatatandang babae na tumango lang bago nagpaalam sa kanila ni Cassidy. Hindi muna niya binuklat ang folder. Iniligpit muna niya ang laptop at mga papeles bago hinarap ang kapatid na nakatayo na at inaayos ang strap ng bag nito.

"Since you seem to favor this R.S., may idea ka ba kung bakit base sa mga reklamo sa kanya ay may aversion siya sa Romance genre?"

Napakurap si Cassidy; parang ilang sandaling napaisip bago natawa. "Seryoso ka? I don't think she's averse... Oh, shit! Whoa..." Napailing ito.

Lumalim ang pangungunot ng noo ni Connelly. "Spill it, will you."

Napangisi lang si Cassidy bago tinapik ang hawak niyang folder. “It’s in her name, ’yung real name n’ya at hindi ’yung ginamit niya sa initials na R.S..” Nauna na itong lumabas ng meeting room. “Bahala ka na sa kanya, Kuya. Ise-send ko sa ’yo later ang ‘greatest hits’ niya bilang editor from hell. ’Bye!”

Naiwan siyang nakasandal ng upo. Binuklat niya ang folder. Napakurap bago napatitig si Connelly sa 2x2 picture sa kanan. The pretty face of a woman with perfectly arched brows and slanty eyes. Sakto lang ang tangos ng ilong at matipid ang ngiti. Lampas balikat ang medyo maalon na buhok...

Bakit parang pamilyar ito sa kanya?

Then, his eyes fell on the name. *That* name. Not as familiar to him as the face but definitely worth remembering. Nakuha na niya ang sinabi kanina ni Cassidy.

How could the goddess of beauty and love be so averse to romance?

His smile widened as he perused the file. *How and why indeed, Aphrodite ‘Rodi’ Santiago?*